# *Ang Pagsunod sa Halimbawa ni Jesus sa Pagpapatawad*

***''1 At nagsitindig ang buong kapulungan nila, at dinala siya sa harap ni Pilato.2 At nangagpasimula silang isumbong siya, na sinasabi, Nasumpungan namin ang taong ito na pinasasama ang aming bansa, at ipinagbabawal na bumuwis kay Cesar, at sinasabi na siya rin nga ang Cristo, ang hari.3 At tinanong siya ni Pilato, na nagsasabi, Ikaw baga ang Hari ng mga Judio? At sumagot siya at sinabi, Ikaw ang nagsasabi.4 At sinabi ni Pilato sa mga pangulong saserdote at sa mga karamihan, Wala akong masumpungang kasalanan sa taong ito.5 Datapuwa't sila'y lalong nangagpipilit na sinasabi, Ginugulo niya ang bayan, na nagtuturo sa buong Judea, magbuhat sa Galilea hanggang sa dakong ito.6 Datapuwa't nang ito'y marinig ni Pilato, ay itinanong niya kung ang taong yaon ay Galileo.7 At nang maunawa na siya'y nasasakop ni Herodes, ay ipinadala niya siya kay Herodes, na nang mga araw na yaon ay nasa Jerusalem din naman.8 Nang makita nga ni Herodes si Jesus, ay nagalak siyang lubha: sapagka't malaon nang hinahangad niya na makita siya, sapagka't siya'y nakabalita tungkol sa kaniya; at siya'y naghihintay na makakita ng ilang himalang gawa niya.9 At tinanong niya siya ng maraming salita; datapuwa't siya'y hindi sumagot ng anoman.10 At ang mga pangulong saserdote at mga eskriba ay nagsitindig, na isinusumbong siyang mainam.11 At si Herodes na kasama ang kaniyang mga kawal ay inalimura siya, at siya'y nilibak, at sinuutan siya ng maringal na damit, at ipinabalik siya kay Pilato.12 At nang araw ding yaon ay naging magkaibigan si Herodes at si Pilato: sapagka't dating sila'y nagkakagalit.13 At tinipon ni Pilato ang mga pangulong saserdote, at ang mga pinuno at ang bayan.14 At sinabi sa kanila, Dinala ninyo sa akin ang taong ito na gaya ng isang nagpapasama sa bayan: at narito, nang aking siyasatin siya sa harapan ninyo, ay wala akong nasumpungang anomang sala sa taong ito, tungkol sa mga bagay na isinusumbong ninyo laban sa kaniya ;15 Wala, kahit si Herodes man; sapagka't siya'y ipinabalik niyang muli sa atin; at narito, walang anomang karapatdapat sa kamatayan na ginawa niya.16 Siya nga'y aking parurusahan, at siya'y pawawalan.17 Kinakailangan nga niyang sa kanila'y magpakawala ng isang bilanggo sa kapistahan.18 Datapuwa't silang lahat ay nagsisigawang paminsan, na nangagsabi, Alisin mo ang taong ito, at pawalan mo sa amin si Barrabas: 19 Isa na ibinilanggo dahil sa isang paghihimagsik na ginawa sa bayan, at sa pagpatay.20 At si Pilato'y nagsalitang muli sa kanila, sa pagnanais na pawalan si Jesus ;21 Datapuwa't sila'y nagsigawan, na sinasabi, Ipako sa krus, ipako siya sa krus.22 At kaniyang sinabi sa kanila, na bilang ikatlo, Bakit, anong masama ang ginawa ng taong ito? Wala akong nasumpungang anomang kadahilanang ipatay sa kaniya: parurusahan ko nga siya, at siya'y pawawalan.23 Datapuwa't pinipilit nilang hingin sa malalakas na tinig, na siya'y ipako sa krus. At nanaig ang kanilang mga tinig.24 At hinatulan ni Pilato na gawin ang kanilang hinihingi,25 At pinawalan niya yaong ibinilanggo dahil sa paghihimagsik at sa pagpatay, na siyang kanilang hiningi; datapuwa't ibinigay si Jesus sa kalooban nila.26 At nang siya'y kanilang dalhin ay kanilang pinigil ang isang Simong taga Cirene, na nanggaling sa bukid, at ipinasan sa kaniya ang krus, upang dalhin sa likuran ni Jesus.27 At siya'y sinusundan ng isang makapal na karamihan sa bayan, at ng mga babaing nagiiyakan at nananambitan dahil sa kaniya.28 Datapuwa't paglingon sa kanila ni Jesus ay sinabi, Mga anak na babae ng Jerusalem, huwag ninyo akong tangisan, kundi tangisan ninyo ang inyong sarili, at ang inyong mga anak.29 Sapagka't narito, darating ang mga araw, na kanilang sasabihin, Mapapalad ang mga baog, at ang mga tiyang kailan ma'y hindi nangagdalang-tao, at ang mga dibdib na kailan man ay hindi nangagpapasuso.30 Kung magkagayon ay magpapasimulang sabihin nila sa mga bundok, mangahulog kayo sa ibabaw namin; at sa mga burol, Takpan ninyo kami.31 Sapagka't kung ginagawa ang mga bagay na ito sa punong kahoy na sariwa, ano kaya ang gagawin sa tuyo ?32 At dinala rin naman na kasama niya, ang dalawang tampalasan, upang patayin.33 At nang dumating sa dakong tinatawag na Bungo, ay kanilang ipinako roon siya sa krus, at ang mga tampalasan, isa sa kanan at isa sa kaliwa.34 At sinabi ni Jesus, Ama, patawarin mo sila; sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa. At sa pagbabahabahagi nila ng kaniyang mga suot ay kanilang pinagsapalaranan.35 At nakatayong nanonood ang bayan. At tinutuya naman siya ng mga pinuno, na sinasabi, Nagligtas siya sa mga iba; iligtas niya ang kaniyang sarili, kung ito ang Cristo ng Dios, ang hinirang niya.36 At nililibak rin naman siya ng mga kawal, na nagsisilapit sa kaniya, na dinudulutan siya ng suka,37 At sinabi, Kung ikaw ang Hari ng mga Judio, iligtas mo ang iyong sarili.38 At mayroon naman sa itaas niya na isang pamagat, ITO'Y ANG HARI NG MGA JUDIO.39 At siya'y inalipusta ng isa sa mga tampalasang nabibitin, na sinasabi, Hindi baga ikaw ang Cristo? iligtas mo ang iyong sarili at kami." (Lucas 23:1-39)***

Si Cristo ay nagbata sa krus para sa ating mga kasalanan upang iligtas tayo at bigyan tayo ng walang hanggang buhay. Iniwanan tayo ng isang halimbawa na kailangan nating sundin ang Kanyang mga hakbang ***''21 Sapagka't sa ganitong bagay kayo'y tinawag: sapagka't si Cristo man ay nagbata dahil sa inyo, na kayo'y iniwanan ng halimbawa, upang kayo'y mangagsisunod sa mga hakbang niya :22 Na siya'y hindi nagkasala, o kinasumpungan man ng daya ang kaniyang bibig :23 Na, nang siya'y alipustain, ay hindi gumanti ng pagalipusta; nang siya'y magbata, ay hindi nagbala; kundi ipinagkatiwala ang kaniyang sarili doon sa humahatol ng matuwid:'' (1 Pedro 2:21-23)*** Si Jesus ay dumaan sa pagdurusa sa krus at nagtagumpay dahil inangkin niya ang saloobin ng pagpapatawad. Ang pagpapatawad sa daan ng Diyos para iligtas ang mga tao at ang daan para sa mga tao upang makapasok sa Kaharian ng Diyos. Kapag may kapatawaran, ang Diyos ay

nagagalak doon, at ang Kanyang Banal na Espiritu ay nariyan upang tulungan ang mga bagay upang maisaayos at mangyari ayon sa itinalaga sa pamamagitan ng Kanyng kalooban.

Iniaalay ni Jesus ang kanyang sarili sa krus sa pamamagitan ng Banal na Espiritu gaya ng ating mababasa sa ***Hebrew 9:14 ''Gaano pa kaya ang dugo ni Cristo, na sa pamamagitan ng Espiritu na walang hanggan ay inihandog ang kaniyang sarili na walang dungis sa Dios, ay maglilinis ng inyong budhi sa mga gawang patay upang magsipaglingkod sa Dios na buhay?''*** At ang punto na ating kailangan nating bigyang-diin sa iyo ay kapag ikaw ay sumunod sa kalooban ng Diyos makikita mo ang Banal na Espiritu ay nariyan upang alalayan ka at tulungan ka upang gawin ang partikular na gawaing iyon. Ang pagpapako ay masakit na pagbabata ngunit si Jesus ay hindi nag-iisa, ginawa ito ng Banal na Espiritu na mangyari sa paraang maluluwalhati ang Diyos. Ang mga pagsubok at tukso at ang sakit na maari nating matanggap mula sa mga tao at pangyayari sa palibot natin ay maaring magdulot sa atin ng labis na sakit, mga pagkawala at kaguluhan, ngunit habang mayroong tayong saloobin sa pagpapatawad sa ating mga puso, sa ganitong paraan ay inaanyayahan natin ang Banal na Espiritu upang samahan tayo at tulungan tayong malampasan ang lahat ng ito.

Kapag iyong babasain ang mga salaysay ng mga naunang mga namumuno sa simbahan at mga misyonaryo na dumaan sa paguusig at pinatay para sa kay Cristo, tunay na sila'y dumaan sa masasakit na panahon ngunit sila'y hindi nag-iisa at sila'y tinulungan dahil inangkin nila nga tamang saloobin ng pagpapatawad sa mga umuusig sa kanila.

Si Jesus sa krus pagkatapos ng kanyang pagpapako sa krus Siya ay nanalangin ng mga sumusunod: ***''At sinabi ni Jesus, Ama, patawarin mo sila; sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa. At sa pagbabahabahagi.'' (Lucas 23:34)*** Ngunit kanino Niya inialay ang panalangin na ang Diyos ang Ama ay papatawarin sila sa kanilang mga kasalanan ?

***Sino ang kailangan mong patawarin:*** Mula sa pangyayari sa pagpapako kay Jesus sa krus, matutunan mo kung sino ang mga taong nanakit kay Jesus at sa kung anong paraan. Mula sa mga pangyayari sa pagpapako kay Jesus sa krus, makikita mo ang mga taong nanakit sa iyo at sa anong paraan. Sa pamamagitan nito, mauunawaan mo ang mga kaganapan sa iyong buhay sa isang mas maayos na paraan upang harapin mo ang mga ito nang naangkop. Ang pagpapatawad ay kailangan idirekta sa mga sumusunod na mga pamantayan ng mga tao:

1. ***Ang mga taong mainggitin at mapanibugho***: Ang mataas at ang pinunong mga seserdote kasama ng mga Fariseo ay ang mga taong nagbalak laban kay Jesus dahil sa kanilang paninibugho at inggit. Ang taong naninibugho at naiinggit sa iyo ay maaring saktan ka ng kanilang paninibugho; yaon ang kailangan mong patawarin.

2. ***Mga taong hindi tapat at walang pagtatalaga:*** Nang si Jesus ay dinakip ang lahat ng Kanyang mga alagad ay iniwan Siya, kasama ang mga nagpahayag sa Kanya na hindi nila Siya iiwan kahit na magdulot sa kanila ng kamatayan. Ang mga taong nangako sa iyo ng ilang mga bagay at iniwan ka nila lalo na sa panahon ng iyong mga kaguluhan at binigo ka nila, sila ang mga tao na nagdulot sa iyo ng sakit, yaon ang kailangan mong patawarin.

3. ***Ang mga taong mapagkunwari at nagagalak sa mga pulitika:*** Nang si Jesus ay dinakip, siya ay dinala kay Pontus Pilato upang patayin. Ngayon alam ni Pontus Pilato na si Jesus ay walang sala at dahil sa inggit ng mga Judio ay nais na ipapatay Siya. Ngunit dahil gusto niyang paluguran sila siya ay sumangayon sa kanila. Ang mga gobernador at mga awtoridad na hindi nagsasagawa ng katarungan at nagbibigay sa iyo ng iyong karapatan sinasaktan ka nila at kailangan mo silang patawarin.

4. ***Ang mga taong hindi mo naibigay ang kanilang inaasahan:*** Dalawang mga kriminal ang ipinako kasama ni Jesus. Isa sa kanila ay iniinsulto si Jesus dahil umaasa siyang tutulungan Niya sila. Sa parehong paraan maaring insultuhin ka ng mga tao at pagsalitaan ka ng masama o dahil hindi mo ginawa kung ano ang gusto nila mula sa iyo; yaon ang mga taong kailangan mong patawarin.

5. ***Ang mga taong nagugutom upang makakuha ng mga bagay mula sa sanglibutan:*** Ang mga Romanong sundalo ay minaltrato si Jesus nang walang awa at nang walang pagsasaalng-alang; tinusok nila ng kanyang kamay at paa. Pagkatapos nilang ipako Siya pinaghati-hati sa kanilang sarili ang Kanyang kasuutan, ***"At sinabi ni Jesus, Ama, patawarin mo sila; sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa. At sa pagbabahabahagi" (Lucas 23:34)*** Ang mga taong ninakawan ka at kinuha sa pamamagitan ng puwersa iyong pag-aari ng walang pagsasaalang-alang ng iyong interes, sinasaktan ka nila, yaon ang mga tao kailangan Ang mga taong ninakawan ka at kinuha kung ano ang pag-aari mo nang walang pagsasaalang-alang sa mong patawarin.

6. ***Ang mga taong walang alam at walang kapangyarihan:*** Ang karamihan na sumigaw kay Pilato at hiniling sa kanya na ipako si Jesus sila'y mga taong mangmang ng walang anumang kapangyarihan at alipin ng mga pinunong mga seserdote at ng mga Fariseo. Ang mga taong walang alam at walang kapangyarihan sila'y maaring gamitin ng iba upang saktan ka, sa gayon kailangan mo silang patawarin.

7. ***Ang mga taong sinasamantala sa iyong pagdurusa at sila'y napawalaas-sala sa kanilang nararapat na kaparusahan:*** Si Barabas ay pinalaya sa halaga ni Jesus na ipadala sa kamatayan. Minsan ang iyong mga pribiliheyo ay ipinagkait sa iyo at ibinibigay sa masasamang tao na hindi karapat-dapat sa kanila. Yaon ang mga tao ang kailangan mong patawarin,

8. ***Ang iyong sarili:*** Si Jesus ay dinakip sa lugar na tinatawag na Getshemane sa tulong ng isa sa Kanyang mga alagad. Ang iba ay magsasabi, *'Bakit hindi niya hinarap si Judas bago ito mangyari', o may ilang magasasabi 'Bakit siya pumunta sa Gethsemane at bakit hindi siya pumunta sa ibang lugar? Sa ilang pagkakataon minsan sinisi mo ang iyong sarili sa parehong paraan. Hindi ikaw ang may kasalanan kundi ang mga nagkasala laban sa Diyos at nanakit sa iyo. Patawarin ang iyong sarili, sapagkat nagawa mo ang iyong bahagi.*

9. ***Ang Diyos:*** Maari kang matukso at sabihin, 'Bakit ginawa iyon ng Diyos, bakit ako ginawa ng Diyos na biktima? Ang Diyos ay walang pagkakamali, kundi ang mga taong nanakit sa iyo. Huwag kang magalit sa Diyos, sapagkat Siya ay walang ginawa na anuman na makakasakit sa iyo.

Ang paglalarawan ating tinalakay sa itaas ay makatutulong sa iyo upang iyong makita ang mga bagay sa mas malinaw na paraan upang iyong maisagawa mo ang pagpapatawad at mapalaya:

Ngayon ang sumusunod ay ang posibleng mga bagay na maaring makapinsala sa iyo at makaapekto at kailangan mong magpatawad:

A. ***Pagkawala ng mga materyal:*** Kahit ang kausutan ni Jesus ay kinuha. Ang iyong mga materyal na mga bagay at pag-aari ay maaring kunin ng iba.

B. ***Pagpapahiya***: Si Jesus ay pinahiya sa publiko. Maari kang mapangalanan at akusahan ng masama sa publiko at makakuha ng masamang reputasyon. Maari kang ituring at isaalang-alang kabilang sa mga makasalanan at kriminal gaya ni Jesus ay inakusahan at ipinabilang. Sa ***Isaiah 53:12*** ay ipinahay na si Jesus ***ay "…..at ibinilang na kasama ng mga mananalangsang."*** Siya ay kinutya, pinagtawanan at dinuruan sa Kanyang mukha.

C. ***Mga kaguluhan sa mga plano at tungkulin:*** Nang si Jesus ay dinakip, tiyak na maraming mga bagay ang nagambala at maraming kaguluhan ang nangyari sa buhay ng Kanyang mga alagad. Kapag ikaw ay nakatanggap ng panghihimasok at sinaktan ng mga tao at ng mga pangyayari, maraming mga bagay sa iyo na maari magdusa sa iyong mga plano, pananalapi, itinakda, trabaho, kaugnayan, pamilya atbp.

D. ***Pananakit at pinsala sa katawan:*** Si Jesus ay hinampas, hinagupit, pinasan ang Kanyang krus sa Kanyang likuran, nasaktan sa putong na tinik, ang Kanyang mga kamay at paa ay binutas at ibinitin sa krus sa loob ng tatlong oras bago Siya namatay. Ang mga nanakit sa iyo ay maaring magdulot sa iyo ng mga sakit at pinsala sa katawan.

***Ang bunga ng Pagpapatawad:*** Sa kabila ng lahat ng mga masasamang epektong ito, ang pagpapatawad ang pagpapagaling sa iyong buhay at at ikaw ay magiging buo at magbibigay sa iyo ng kaginhawaan. Bilang isinasagawa mo ang pagpapatawad sa pagharap sa mga paglusob ng kaaway ay makakamit mo ang sumusunod:

1. ***Ikaw ay itataas at ang nasa iyong isip ay kapareho sa isip at kaisipan ng Diyos:*** Gaya na si Jesus ay itinaas nang ipinakumbaba Niya ng kanyang sarili at tinanggap na magdusa at mamatay sa krus, magkakaroon ka ng malinaw na pag-iisip at kaparehong pagiisip ng Diyos, ***"5 Mangagkaroon kayo sa inyo ng pagiisip, na ito'y na kay Cristo Jesus din naman:6 Na siya, bagama't nasa anyong Dios, ay hindi niya inaring isang bagay na nararapat panangnan ang pagkapantay niya sa Dios,7 Kundi bagkus hinubad niya ito, at naganyong alipin, na nakitulad sa mga tao:8 At palibhasa'y nasumpungan sa anyong tao, siya'y nagpakababa sa kaniyang sarili, na nagmasunurin hanggang sa kamatayan, oo, sa kamatayan sa krus.9 Kaya siya naman ay pinakadakila ng Dios, at siya'y binigyan ng pangalang lalo sa lahat ng pangalan;" (Filipos 2:5-9)*** Kapag nagpatawad ka ikaw ay itataas sa paraang Makalangit ng pag-iisip at makikita mo ang bagay sa parehong paraan na nakikita ng

Diyos at ni Cristo sa kanila; ***Epeso 2:6*** ay ipinahayag sa atin ang sumusunod ***"At tayo'y ibinangong kalakip niya, at pinaupong kasama niya sa sangkalangitan, kay Cristo Jesus:" (Epeso 2:6)***

2. ***Ang iyong landas at plano mapapalita ng Makalangit na landas at mga plano:*** Habang pinapatawad mo ang mga nanaakit sa iyo at nakapinsala sa iyo, itataas ka ng Diyos at bubuksan ang iyong mga mata at isipan upang makita ang bagong landas na Kanyang inilagay sa iyo. Pagkatapos mamatay ni Jesus sa krus, Siya ay inilibing, bumangon mula sa mga patay at umakyat sa Langit upang maupo sa kanang kamay ng Diyos ang Ama. Kaya't ***"Sapagka't kung tayo nga ay naging kalakip niya dahil sa kawangisan ng kaniyang kamatayan, ay magkakagayon din naman tayo dahil sa kawangisan ng kaniyang pagkabuhay na maguli;" (Roma 6:5)***

3. ***Gaya ng pagpapatawad mo, Gagawin ng Diyos ang mga bagay lampas sa iyong iniisip at nakikita:*** Noong si Jesus ay nakabitin sa krus, sa sandalling iyon pagkatapos ng pagpapako sa krus nang patawarin Niya ang mga taong nanakit sa Kanya. Ang kalagayan ay delikado sa lahat ng aspeto, ngunit ginawa ito ng Panginoon na ang lahat ng mga bagay ay naging maayos alinsunod sa kalooban at plano ng Diyos. Maaring dumaan ka sa isang masalimuot na kalagayan na higit pa sa kaya mong tiisin o ayusin, ngnit sa pagpapalaya mo sa iyong pagpapatawad sa mga nanakit sa iyo, gagawin ito ng Panginoong Diyos para sa iyong ikabubuti, ***"Datapuwa't gaya ng nasusulat, Ang mga bagay na hindi nakita ng mata, at ni narinig ng tainga, Ni hindi pumasok sa puso ng tao, Anomang mga bagay na inihanda ng Dios sa kanila na nangagsisiibig sa kaniya." (1 Corinto 2:9)***

***Sa aking mahal at minamahal: "Mangagtiisan kayo sa isa't isa, at mangagpatawaran kayo sa isa't isa, kung ang sinoman ay may sumbong laban sa kanino man; na kung paanong pinatawad kayo ng Panginoon, ay gayon din naman ang inyong gawin:" (Colosas 3:13)***

***Ang pagpapatawad ay nangangahulugan at nangangailanga ng mga sumusunod:***

- Kababaang-loob
- Buong pagsuko sa Diyos sa pamamagitan ng pagsuko ng iyong sariling kalooban at plano.
- Pagibig sa Diyos
- Kahandaang magdusa alang-alang sa Diyos.
- Paglimot sa nakaraan upang malaya kang makasama sa inihanda ng Diyos para sa iyo ng magandang plano at mabuting gawain ng Diyos.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Diyos Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalna ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at bumangon mula sa mga patay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na tumalima sa iyong Salita sa paggawa ng iyong kalooban. Panginoon pinapatawad ko ang mga nanakit sa akin at gumawa sa akin ng masama________________________________. Panginoon hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa. Panginoon tulungan mo akong kalimutan ang nakaraang mga pangyayari at buksan ang aking paningin na makita ang landas na iyong binuksan para sa aking upang magpatuloy. Panginoon ako'y nagpapasalamat sa panunumbalik at pagdagdag ng mga pagpapala at kagalakan. Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na pagalingin mo ang kanilang mga puso at tulungan sila na patawarin ang mga nanakit sa kanila at nagdulot sa kanila ng pinsala. Panginoon hayaan mo ang iyong Salita ay magdala ng bunga na nais mong makita sa buhay ng bawat isa sa kanila sa buhay ng iyong simbahan. Panginoon bigyan kami ng higit ng bunga ng Banal na Espiritu, pagibig, kagalakan, kapayapaan, kahinahunan, pagpipigil sa sarili, kaamuhan, kabutihan, at mahabang pagtitiis. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Pagsunod sa Halimbawa ni Jesus sa Pagpapatawad
Lucas 23:1-9. 1 Pedro 2:21-23. Isaiah 53:12. Filipos 2:5-9. Epeso 2:6. Roma 6:5. 1 Corinto 2:9. Colosas 3:13.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com